


Oktubre 23, 2019

Mahal na Pasyente/Caregiver ng Pasyente,

Tungkol sa: pagbabago ng brand ng Tacrolimus

Sumusulat [kami] sa inyo upang ipaalam na babaguhin ng BC Transplant (BCT) ang supplier ng immediate release tacrolimus. Ang dating supplier ay Prograf at ang panibagong supplier ay Sandoz. Ang BCT ay may ginamit na masinsinang proseso upang pamahalaan ang transisyon, at nagtitiwala kami na magagawa ito nang mabisa. Isinasaalang-alang namin ang inyong kaligtasan bilang aming pangunahing priyoridad.



Ang Sandoz tacrolimus ay aprobado ng Health Canada at ito'y madalas nang ginagamit sa ibang probinsiya. May mga regulasyon ang Health Canada para sa mga gamot at iba pang mga produkto sa kalusugan upang masigurado na sila'y ligtas, mabisa, at high quality. May iba't-ibang mga brand para sa parehong gamot na makukuha sa Canada, at sila'y mahigpit na sinusuri upang masigurado na pareho ang kanilang clinical benefits.

Ang dating brand na Prograf na binago at ginawa na ngayong Sandoz ay nagbibigay sa amin ng pagkakataong magamit nang husto ang aming resources, dagdagan ang coverage para sa mga bagong treatment, at pahasayin ang access ng pasyente sa iba pang mga gamot. Ang desisyon na ito ay lubos na pinag-aralan at pagkatapos ay inaprubahan ng medical transplant experts sa BC upang masigurado ang pinakamainam na kalusugan para sa lahat ng mga pasyente.

Hindi namin inaasahang magkakaroon kayo ng anumang bagong side effects pagkatapos ninyo lumipat sa Sandoz tacrolimus. Gayunman, kung may napansin kayong anumang bago, karagdagan, o hindi inaasahang side effects, mangyaring kontakin ang inyong transplant team sa clinic upang humingi ng advice o payo at karagdagang assessment.

Ang inisyatibong ito ay magsisimula sa Nobyembre 18, 2019, pero ang tunay na petsa kung kailan kayo lilipat sa Sandoz tacrolimus ay titiyakin ng inyong transplant team sa clinic. Ito'y magde-depende sa kung gaano pa karaming Prograf tacrolimus ang natitira sa inyong tahanan at kung kailan ang inyong susunod na appointment sa clinic. Pagkatapos ninyo lumipat sa Sandoz tacrolimus, kakailanganin ninyo magpunta sa lab sa loob ng lima hanggang pitong araw upang masukat ang inyong tacrolimus level. Kung kailangan ninyo ng refill para sa inyong tacrolimus bago magpunta sa inyong susunod na appointment sa clinic, mangyaring kontakin ang inyong transplant clinic upang makausap kayo ng inyong care team sa telepono tungkol sa pagbabagong ito. Kung humihingi kayo ng medikal na payo o mga medikal na serbisyo mula sa (mga) health care provider sa labas ng inyong transplant clinic, mangyaring siguraduhing sabihin sa kanila kung aling immediate-release tacrolimus brand ang inyong iniinom.

May iba't-ibang paraang ginawa ang BC Transplant upang makapagbigay sa inyo ng karagdagang impormasyon tungkol sa inisyatibong ito:

- Bisitahin ang BC Transplant webpage sa [www.transplant.bc.ca/tacrolimusswitch](http://www.transplant.bc.ca/tacrolimusswitch).
- Information sessions, online at nang personal sa Vancouver. Para mag-RSVP, puntahan ang [www.transplant.bc.ca/tacrolimusswitch](http://www.transplant.bc.ca/tacrolimusswitch).

Lagi naming isinasaisip ang inyong kalusugan bilang aming pangunahing priyoridad. Sa gayon ay huwag mag-atubiling magtanong o magbahagi ng inyong mga alalahanin. Kontakin lamang kami nang direktso. Minamahalaga namin ang inyong pasyensiya at flexibility sa pagbabagong ito.

Sumasainyo,

[clinic physician]

[clinic nurse]

[clinic pharmacist]

Tagalog

Suite 260 • 1770 West 7th Avenue • Vancouver BC V6J 4Y6

Tel: 604-877-2240 • Fax: 604-877-2111 • Toll Free: 1-800-663-6189 • [www.transplant.bc.ca](http://www.transplant.bc.ca)